# Philippine Biblical Worldview Institute
## Certificate in Christian Ministries

## 1100 Christian Leadership ©
**Conrad Jun Tolosa**
Revised March 14, 2020

### CP1104. Ang Leader Organizer
Ang lahat ng mga Cristiano ay sakop ng Original Mandate (*Maging mabunga kayo at magparami ng bilang; punuin ninyo ang mundo at supilin ito; pamahalaan ninyo ang lahat na nilikha Ko*) at ng Great Commission (*Kaya humayo kayo at gumawa ng mga disipulo sa lahat ng bansa, bautismuhan sila sa ngalan ng Ama, at ng Anak at ng Espiritu Santo, at turuan silang sumunod sa lahat ng mga pinag-utos Ko sa inyo*). Ibig sabihin, may misyon tayo!

Ang katungkulan ng makadiyos at makaCristong liderato ay ang pangangasiwa ng panahon, abilidad at resources ng buong Christian community para sa ikatutupad ng Original Mandate at ng Great Commission. Napapaloob dito ang gawaing pag-organize, pag-direct at pag-control upang ang layunin ng Diyos ay maisakatuparan.

Ang simula ng pag-o-organize ay ang pagre-recruit. Siyempre naman, ano ang io-organize mo kung wala ka namang mga tao o isang grupo na makakasama. Ang pagiging isang church planter o isang visionary ay mahirap na *calling*. Kinakailangan siyang mag-umpisa sa pagre-recruit o pagpe-persuade ng mga taong makiki-isa sa misyong kanyang tinatahak. Ito ang unang test sa leadership. Mayroon bang naniniwala sa iyong misyon?

Kapag mayroon ng grupo, dito na magsisimula ang pag-o-organize at ang umpisa nito ay ang orientation. Kinakailangan na maipaliwanag ng leader ang overall mission at kung paano ito tumutugma sa Original Mandate o Great Commission, kung paano maa-accomplish ang misyon at ang mga hakbangin na kanilang gagawin tungo sa tagumpay. Ang orientation ay kailangang gawin upang magkaroon ng kaunawaan ang bawat isa patungkol sa iba't ibang bahagi ng misyon at tuloy maiwasan ang kaguluhan.

Ang unang hakbang ay <u>*recruiting*</u>, pangalawa ay <u>*orientation*</u>, at ang pangatlo ay ang <u>*structuring*</u>. Ang structuring ay ang organization proper. Ito ang pagtatayo ng bahay mula sa pundasyon hanggang bubong o ang pagbuo ng isang skeleton at paglalagay ng mga laman nito.

Itinuturo sa atin ng Romans 14:4-5 na: *Ang katawan ay binubuo ng maraming bahagi, at hindi pare-pareho ang gawain ng bawat isa. Gayon din, tayo ay marami ngunit nabubuo sa iisang katawan ni Cristo, at ang isa't-isa'y bahagi ng iba*. Ang 1 Corinthians 10:17 ay nagsasabi sa atin na *tayo'y iisang katawan bagamat marami, sapagkat nakikibahagi tayo sa iisang tinapay*. Ang sabi naman sa Ephesians 4:4-6 ay, *Iisa lamang ang katawan at iisa rin ang Espiritu; gayun din naman, iisa lamang ang pag-asa ninyong lahat dulot ng pagkatawag sa inyo ng Diyos. May isa lamang Panginoon, isang pananampalataya, at isang bautismo, iisang Diyos at Ama nating lahat. Siya'y higit sa lahat, gumagawa sa lahat at sumasalahat*. Sa Colossians 1:18 ay ganito naman ang sabi: *Si Cristo ang ulo ng iglesya na Kanyang katawan*.

Ang Romans 12:6-8 ay nagbibigay sa atin ng malinaw na pagkaunawa kung ano-anong mga bahagi ang bumubuo sa katawan ng iglesya: *Pagpapahayag, Paglilingkod, Pagtuturo, Pagpapasigla, Pagkakaloob,*

*Pangunguna, Pagkahabag*. Ang 1 Corinthians 12:4-11 ay nagsasabi sa atin na iba't-iba ang kaloob, ngunit iisa lamang ang Espiritung nagkakaloob ng mga ito at iba't-iba ang paraan ng paglilingkod ngunit isa lamang ang Panginoon na ating pinaglilingkuran: *Karunungan, Kaalaman, Pagtitiwala, Pagpapagaling ng Sakit, Pagmimilagro, Pagpapahayag, Pagwawari ng Espiritu, Wika, Pagsasaling Wika*. Gayun din, ipinababatid ng Ephesians 4:11-13 na ang Diyos ang Siyang gumawa sa iba na maging *apostol, propeta, ebanghelista, pastor at guro*. Ginawa Niya ito upang ihanda sa paglilingkod ang lahat na mananampalataya sa ika-uunlad ng buong katawan ni Cristo. Kung paanong maliwanag sa atin na tayo ay isang organismo, maliwanag na may pangangailangan din sa aspeto ng pag-oorganize o pagbubuo dahil sa pagkakaiba ng mga ministeryo at iba't-ibang kaloob na ibinigay sa maraming bahagi ng katawan upang makagawa sa ikatutupad ng mga layunin ng Diyos. Kaya dapat na tayo ay ma-organize.

Ang pag-o-organize ay ang pagbubuo ng magkakaugnay o magkakatugmang bahagi. Ang gawaing ito ay nagiging mahirap dahil sa makasalanang kalikasan na nananahan sa bawat bahagi. Ang pagbubuo ng anumang grupo ng local na simbahan ay gawain ng mga elders. Kung gayon, ang unang hakbang sa pag-oorganize ng Iglesia ay ang pagtatalaga ng mga matatanda at diakono na magpapalawig ng pagbubuo ng buong katawan ng mananampalataya sa ilalim ng kanilang pangangalaga.

Paalala: Upang maitatag ang isang epektibong organisasyon, may mga maseselang gawain na kailangan munang maisagawa: a) ang pagkilala sa kakayahan ng mga miyembro patungkol sa oras, talento, at yaman, b) ang pagwawari sa antas ng maturidad ng bawat miyembro, c) ang organisasyong pagbabalangkas ng mga miyembro kaugnay sa mga programa ng simbahan. Tandaan na ang pagiging epektibo ng isang iglesya o ng isang kilusan ay nakasalig sa pagiging epektibo ng mga leaders nito. Ang mabisang pamumuno ay nakauunawa na kailangang magkaroon ng maingat na pagbabalanse sa dalawang grupo na mga pinahahalagahan ng organisasyon na ating tatalakayin ngayon: 1) ang mga banta (threats) at mga oportunidad, at 2) ang mga kalakasan at mga kahinaan.

*Ang mga Banta at mga Oportunidad*. Ang mga ito ay maaaring panloob at panlabas. Ang mga panloob na banta (internal threats) ay may tuwirang kaugnayan sa mga kahinaan ng mga miyembro ng simbahan. Ang pagmamataas o kapalaluan, inggit, selos at poot ay maaaring makasira sa pagkakaisa ng katawan ng simbahan anumang oras. Ang kalaswaan, katamaran at paghahangad naman ay mapanganib sa pag-unlad nito. Bawat mananampalataya, particular ang mga lider ng simbahan ay dapat na palaging nagbabantay laban sa kasalanang tulad ng mga ito na makasisira sa pagiging buo ng kongregasyon. Ang pag-iingat at ang palagiang paghimok na itakwil ang ganitong kasalanan ay dapat isagawa ng bawat mananampalataya.

Ang mga panlabas na banta (external threats) naman ay nagmumula sa mundo at sa mga pwersa ng diablo na gumagalaw dito. Ang mundo ay patuloy na nagpapahirap sa mananam-palataya na makapaglaan ng panahon para sa mga gawaing tulad ng personal at sama-samang pagsamba at pag-aaral ng Bibliya. Ang paghingi ng mga capitalista ng mas maraming oras mula sa kanilang mga empleyado ay nagpapaigsi ng panahon para sa pamilya ng mga ito. Nakauubos din ng lakas na dapat sana ay nailalaan nila para sa paglilingkod sa iglesya. Ang halaga ng mga bilihin at ng mga serbisyo na kailangan para sa isang maayos na pamumuhay ay patuloy na naglalagay ng pabigat sa isang namamasukan. Kinakailangan niya na maglaan ng mas maraming oras sa pagkita ng pera. Kung dati ang lalaki lamang ang nagtatrabaho at ang babae ay tumutugon sa pangangailangan sa tahanan, ngayon ay kinakailangan na pareho silang maghanapbuhay upang maitawid ang kanilang mga gastusin. Mas maraming oras at lakas ang nagugugol sa mundo kaysa sa tahanan at sa simbahan.

Ang oportunidad ay maaari ding magmula sa loob ng iglesya. Ang isang mananampalataya ay maaring magkaroon ng magandang ideya, halimbawa tungkol sa negosyo, na kung tangkilikin ng publico ay magdadala ng kasaganahan sa simbahan. Ang mga oportunidad ay maaari ring magmula sa labas. May mga dayuhang nagmimisyon na nag-aalok ng oportunidad gaya ng pagkakaloob ng pondo para sa pagpapatayo ng simbahan. May mga sang-ayon at tutol sa mga oportunidad na mayroon para sa mga iglesya. Ang mga lider ng simbahan ay dapat maging listo sa pagtimbang ng bawat panig.

*Ang Mga Kalakasan at Mga Kahinaan*. Ang mga ito ay tuwirang kaugnay sa antas ng maturidad ng bawat mananampalataya na dulot ng kaalaman sa Salita ng Diyos at ng espiritu ng pagpapakumbaba o ng kakulangan nito. Ang maturidad ng mga mana-nampalataya ay nagpapatatag sa simbahan. Ang katatagan ay gumigising sa pagkakaisa. At ang pagkakaisa ay nakasisiguro ng tagumpay. Dalawang bagay ang mahalaga sa matagumpay na Cristianong pamumuhay: Ang Salita at ang Espiritu. Ang tunay na kaalaman sa Salita ng Diyos ang magbibigay sa isang mananampalataya ng pagkaunawa kung gaano dapat umasa sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu para sa ikatatagumpay ng buhay. Samakatuwid, mahalaga na ang pagbubuo ng isang organisasyon ay magbuhat sa kalakasan habang iniiwasan ang mga kahinaan ng mga miyembro. Mahalaga na ang mga taong ilalagay sa silong ng estruktura ay may sapat na maturidad nang sa ganoon ay mapanghawakan nila ng may katatagan ang ipapatong sa kanilang mga balikat.

Ang mga elders ay binubuo ng espiritwal na lupon ng pamunuan at ng mga taong nakatalaga sa pagpapakain, pangangalaga, pagbibigay ng direksyon, at pag-iingat sa local na congregasyon. Ang mga diakono ang nagpapatupad ng *mercy ministry* ng simbahan at pakikilahok sa pagpaplano ng iglesya. Iba't-ibang grupo o comite ang dapat mabuo para maisakatuparan ang plano na sinang-ayunan ng mga elders at iba pang lider para sa kapakinabangan ng buong kapatiran. Ang pinag-sama-samang grupo ang bumubuo ng pang-organisasyong estruktura ng isang congregasyon.

***Pag-isipan:***

1. Ano ang relasyon ng mga talata sa 1 Corinthians 12:4-11 sa Ephesians 4:11-13?
2. Ano ang mga dapat i-consider kapag naghahanap ang leader ng mga makakasama sa kanyang organisasyon?

## I. Multiple choice

1. Ang lahat ng mga Cristiano ay sakop ng Original Mandate at Great Commission.
   a. True
   b. False

2. Ang katungkulan ng makadiyos at makaCristong liderato ay
   a. ang utusan ang kanilang kawan kung ano ang dapat nilang gawin.
   b. ang pangangasiwa ang panahon, abilidad at resources ng buong Christian community.
   c. ang pangasiwaan ang buhay ng kanilang kawan.

3. May tatlong gawain ang makaCristong leader:
   a. Mag-organize, mag-direct at mag-control
   b. Magturo, magsanay at magkasangkapan
   c. All of the above

4. Ang pag-o-organize ay ang pagbubuo ng makakaugnay o magkakatugmang bahagi.
   a. True
   b. False

5. May tatlong hakbang sa pag-o-organize:
   a. Teaching, Training Equipping
   b. Recruiting, orientation at structuring
   c. All of the above

6. Ang ____________________ ay ang paghihikayat ng mga taong makikiisa sa misyon na tatahakin.
   a. Orientation
   b. Recruiting
   c. Structuring

7. Ang ____________________ ay ang pagpapaliwanag ng leader patungkol sa overall mission at kung paano ito tumutugma sa Great Commission at kung paano maa-accomplish ang mga hakbangin.
   a. Structuring
   b. Recruiting
   c. Orientation

8. Ang ____________________ ay ang organization proper kung saan itinatayo ang pundasyon hanggang sa paglalagay ng laman nito.
   a. Structuring
   b. Recruiting
   c. Orientation

9. Ang katawan ay binubuo ng maraming bahagi kaya
   a. Iisa lang ang gawain ng bawat isa.
   b. Hindi pareho ang gawain ng bawat isa.
   c. All of the above

10. Ang pagbuo ng anumang grupo sa iglesya ay gawain ng
    a. Mga elders
    b. Mga kababaihan
    c. Mga young adults

11. Upang maitatag ang epektibong organisasyon, kailangang
    a. May maraming salapi para sa gastusin na gugugulin sa programa.
    b. Magpatayo muna ng building kung saan isasagawa ang programa.
    c. Kilalanin ang kakayahan ng mga miyembro at antas ng maturity nila.

12. Kinikilala ng mga mabisang pamumuno ang dalawang mahalagang grupo na dapat balansehin:
    a. Mga banta at mga oportunidad
    b. Mga kalakasan at mga kahinaan
    c. All of the above

13. Ang mga banta at oportunidad ay nanggagaling lamang sa loob ng iglesya.
    a. True
    b. False

14. Ang mga kalakasan at kahinaan ay may kaugnayan sa antas ng maturity ng mananampalataya.
    a. True
    b. False

15. Isang grupo o comite lamang ang dapat mabuo para maisakatuparan ang plano na sinang-ayunan ng mga elders at ibang leaders.
    a. True
    b. false

## II. Short Essay (250 words – 20 points)

Ano ang iyong mga natutuhan sa ating mga pinag-aralan patungkol sa mapaglingkod na pamumuno?

***Note:***

1. *Ang essay ay maaaring isulat sa English, Tagalog or Taglish.*
2. *I-submit ang essay sa iyong Pastor.*

© Revised March 14, 2020 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.